



AQEEDAH

(PINAGHAHWAKANG PANINIWALA)

NG LAHAT NA MUSLIM

Inihanda At Isinalinni:

Easa Real

THE COOPERATIVE OFFICE FOR CALL & GUIDANCE AT AL SULAY, RIYADH
O. BOX 1419 ZIP CODE 11431, TEL. NO. (01) 2414438 FAX (01) 2411733

TAGALOG 0401054

AQEEDAH
[PINAGHAHAWAKANG
PANINIWALA] **NG LAHAT**
NA MUSLIM

Inihanda at Isinalin ni:
Easa Real



PAUNANG SALITA:

Ang lahat ng papuri ay tanging sa Allah ﷺ lamang ang Panginoon ng mga daigdig, nawa ang Kanyang kapayapaan at pagpala ay mapasakanyang katapusang Propeta ﷺ, sa kanyang pamilya, kasamahan at sa lahat na tumatahak sa tuwid na landas hanggang sa huling araw.

Ang tanggapan ng pagpalaganap at patnubay ng Al- Naseem ay nagsusumikap upang mabigyan ng tamang kaalaman at gabay ang sangkatauhan. Isa sa mga gawaing ito ay ang paglathala ng mga aklat sa wikang Tagalog at ibang salita.

Ang aklat na ito ay nagtatalakay ng pinakamahalagang katanungan hinggil sa Aqeedah (pinaghahawakang paniniwala) ng mga Muslim, at mga kasagutan mula sa kahulugan ng dalawang iniwanan ng Propeta ﷺ; ang Qur'an at ang Sunnah.

Nawa'y tanggapin ito ng Allah ﷺ at ibilang bilang isang mabuting gawain para sa Kanya lamang, Ameen.

1. BAKIT NILIKHA TAYO NG ALLAH ﷺ?

Nilikha tayo ng Allah ﷺ upang sumamba lamang sa Kanya at huwag magtambal ng iba liban sa Kanya.

Sinabi ng Allah ﷺ: "Hindi Ko nilikha ang Jinn at tao maliban sa Ako'y sambahin" [51:56].

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Ang karapatan ng Allah ﷺ sa kanyang alipin na Siya lamang ang kanilang sasambahin at wala ng iba (Sinalaysay ni: Bukhari at Muslim).

(ﷺ): Azza wa Jalla.

(Sya ang namagmay-ari ng Kapangyarihan at Kadakilaan).

(ﷺ): Salal Llahu alaihi wa Salam.

Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanya at iligtas sa anumang pagkakamali at pangangalagaan sa anumang kasamaan, ito'y binabanggit pagkatapos sa pangalan ng Propeta (ﷺ).

Sahih- Ito'y katayuan ng Hadith na lubos na mapagkatiwalaan.

Hasan- Ito'y katayuan ng Hadith na mapagkatiwalaan.

2. PAANO NATIN SAMBAHIN ANG ALLAH ﷺ?

Sambahin natin ang Allah ﷺ kagaya ng ipinag-utos Niya at ng Kanyang Propeta ﷺ ng may katapatan.

Sinabi ng Allah ﷺ: “At hindi Ko sila inutusan maliban sa pagsamba at maging matapat sa pananampalataya” [98:5].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sino man ang gumawa ng isang gawain na hindi namin ipinag-utos ito ay hindi tatanggapin mula sa kanya (Sinalaysay ni Muslim).

3. KAILANGAN BA NA SAMBAHIN NATIN ANG ALLAH ﷺ NG MAY PAGKATAKOT AT PAGMAMAHAL?

Opo, sasambahin natin Siya ng may pagkatakot at may pagmamahal.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Tumawag sa Kanya ng may pagkatakot at may pagmamahal” [7:56].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Hinihingi ko sa Iyo (O, Allah) ang Iyong Paraiso at humihingi ako ng Iyong tulong laban sa Impiyerno” (Sahih, sinalaysay ni Abu Daud).

4. ANO ANG AL-IHSAAN SA PAGSAMBA?

Ang Allah ﷺ ay nakakita ng lahat, Siyang nag-iisang nakamasid sa atin.

Sabi ng Allah ﷺ: “Katotohanan ang Allah ang siyang nagmamasid sa inyong lahat” [4:1].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang Al-Ihsaan; ang pagsamba sa Allah ﷺ kagaya na siya'y iyong nakita, subalit hindi mo siya nakita at Siya'y nakakita sa iyo” (Sinalaysay ni Muslim).

5. BAKIT NAGPADALA NG MGA PROPETA ANG ALLAH ﷺ?

Upang sila'y magbadya na Siya lamang ang dapat sambahin at itakwil ang pagsamba maliban sa Kanya.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Katotohanan ipinadala Namin ang mga Propeta sa lahat ng mamamayan upang Ako lamang ang kanilang sambahin at itakwil ang ibang diyus-diyosan” [16:36].

Ang Propeta ﷺ ay nagwika: “Ang mga Propeta'y magkakapatid at isa ang kanilang pananampalataya”. “Ang lahat na mga Propeta ay nagbadya ng Tawheed” (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

6. ANO ANG TAWHEEDUL ILAH ?

Sa Kanya lamang ang lahat nating pagsamba, kagaya ng dua', panunumpa at paraan ng paghuhusga.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Dapat na malaman na walang ibang diyos maliban sa Allah” [47:19].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang unang dapat ipaabot sa kanila ay ang pagsaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah ﷺ” (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

7. ANO ANG KAHULUGAN NG LA ILAHA ILLA ALLAH ?

Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah ﷺ.

Ang Allah ﷺ ay nagwika: “At dahil ang Allah ang Siyang katotohanan at sinumang kanilang sinasamba maliban sa Kanya ay mga huwad” [31:30].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang sumaksi na walang ibang diyos maliban sa Allah ﷺ at itakwil ang iba liban sa Kanya, ang kanyang ari-arian at buhay ay ipinagbawal ng Allah ﷺ na kunin sa kanya” (Sinalaysay ni Muslim).

8. ANO ANG TAWHEED SA MGA KATANGIAN NG ALLAH ﷺ?

Ito ay ang paniniwala sa mga katangiang Kanyang pinahayag o ng Kanyang sugo.

Ang Allah ﷺ ay nagwika: “Siya ay walang katulad, Siya ang Nakakita at Nakadinig” [42:11].

Ang sabi ng Propeta ﷺ: “ Bumababa (pumapanaog) ang ating Panginoong Mapagpala at Kataas-taasan sa lahat ng gabi sa pinaka-ilalim ng kalangitan ” [bumababa Siya ayon sa Kanyang katangian]. (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

9. ANO ANG KABUTIHAN NG TAWHEED SA MGA MUSLIM?

Ito'y gabay sa mundo at kaligtasan sa kaparusahan sa kabilang buhay.

Ang Allah ﷺ ay nagwika: “Yaong mga naniniwala at hindi hinahaluang kasamaan ang kanilang pananampalataya, sila ay mayroong kaligtasan at nasa tamang patnubay” [6:82].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang karapatan ng alipin sa Allah na siya'y hindi niya parusahan kapag siya'y hindi nagtatambal ng iba sa Kanya” (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

10. NASAAN ANG ALLAH ﷺ?

Ang Allah ﷺ ay nasa kataas-taasan, sa taas ng Kanyang trono.

Sabi ng Allah ﷺ: “Ang Mapagpala ay nakaupo sa Kanyang trono [Ayon sa Kanyang Kadakilaan]” [20:5].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Katotohanan, sinulat ng Allah ﷺ ang dapat isulat. Katotohanan nangingibabaw ang Aking habag kaysa sa Aking galit at Siya'y nasa taas ng Kanyang trono” (Sinalaysay ni Bukhari).

11. KASAMA BA NATIN ANG ALLAH ﷺ O ANG KANYANG KAALAMAN?

Ang Allah ﷺ ay kasama natin ayon sa Kanyang kaalaman. Siya'y Nakadinig at Nakakita sa atin.

Ang sabi ng Allah ﷺ: “Sya'y nagwika: Huwag matakot, Ako'y kasama ninyo, nadidinig at nakikita Ko ang lahat” [20:46].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Kayo'y tumatawag sa nakakadinig at malapit sa inyo, Siya'y kasama ninyo” [sa Kanyang kaalaman, nakakadinig at nakakita sa inyo.] (Sinalaysay ni Muslim).

12. ANO ANG PINAKAMALAKING KASALANAN?

Ang pinakamalaking kasalanan ay "Shirk Al-Akbar".

Sabi ng Allah ﷺ: Katotohanan hindi pinapatawad ng Allah ang sino mang nagtatambal sa Kanya at Kanyang pinapatawad ang [maliban sa Shirk] sa sinumang Kanyang ninalis." [4:48].

May nagtanong: "Ano ang pinakamalaking kasalanan?" Sabi ng Propeta ﷺ: "Ang pagtawag (Paghingi ng tulong) maliban sa Allah na siya'y lumikha sa inyo (Sinalaysay ni Muslim).

13. ANO ANG SHIRK AL – AKBAR?

Ang pagsamba na tinutukoy maliban sa Allah ﷺ, kagaya ng Dua'.

Sabi ng Allah ﷺ: "Ipagbadya: Ako'y tumatawag sa aking Panginoon at hindi nagtatambal sa Kanya" [72:20].

Ang sabi ng Propeta ﷺ: "Ang pinakamalaking kasalanan ay ang pagtambal ng iba sa Allah" (Sinalaysay ni Bukhari).

14. ANO ANG KASAMAANG MAIDUDULOT NG SHIRK AL-AKBAR?

Ang Shirk Al-Akbar ay ang dahilan ng pananatili sa Impiyerno.

Sabi ng Allah ﷺ: “Sinuman ang nagtatambal sa Allah ay Kanyang ipinagbawal sa kanya ang Paraiso at ang kanyang tirahan ay ang Impiyerno”. [5:72].

Ang sabi ng Propeta ﷺ : “Sinuman ang namatay na nagtambal sa Allah ng anuman ay papasok sa Impiyerno” [Sinalaysay ni Muslim].

15. MAYROON BANG KABUTIHAN ANG ISANG GAWAING MAY HALONG SHIRK?

Walang kabutihan ang isang gawaing may halong Shirk.

Sabi ng Allah ﷺ: “At kapag kayo'y tatambal sa Akin ay mawawalan ng saysay ang anumang inyong gawain [6:88].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang gumawa ng isang gawain na may halong Shirk, ang kanyang gawain at tinambal niya sa Akin ay di Ko tanggapin” [Hadith Qudsi, sinalaysay ni Muslim].

16. ANG SHIRK BA AY KASALUKUYANG GINAGAWA NG MGA MUSLIM?

Opo, kanilang ginagawa sa ibat-ibang uri, at Ako'y nagdadaramdam.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Ang karamihan sa kanila ay hindi naniniwala sa Allah, sila'y nag-aakibat sa Kanya” [12:106].

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: “Ang oras (paghuhukom) ay hindi darating hangga't ang ilan sa mga Muslim ay sasama sa mga hindi mananampalataya hanggang sa sila'y sasamba sa mga rebulto” (Sinalaysay ni Tirmidhi).

17. ANO ANG HUKOM SA PAGDUDUA' MALIBAN SA ALLAH ﷺ KAGAYA SA MGA AWLIYAA'?

Ito'y uri ng Shirk, sila'y paparusahan sa Impiyerno.

Sabi ng Allah ﷺ: “Kaya huwag tumawag maliban sa Allah, dahil kayo'y Kanyang parurusahan” [26:213].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang namatay na tumawag maliban sa Allah ﷺ ay papasok sa Impiyerno” (Sinalaysay ni Bukhari).

18. ANG DUA' BA AY PAGSAMBA SA ALLAH ﷺ?

Opo, Ito'y pagsamba sa Allah ﷺ.

Sabi ng Allah ﷺ: “At ang iyong Panginoon ay nagwika; manalangin kayo sa Akin at kayo'y Aking dinggin” [40:60].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Ang dua' ay pagsamba” (Sinalaysay ni Tirmidhi at siyay nagwika na ito'y Sahih).

19. NADIDINIG BA NG PATAY ANG DUA'?

Ang patay ay hindi nakakadinig ng Dua'.

Ang Allah ﷺ ay nagwika: “Katotohanan, ang mga patay ay hindi nila mapapadinig” [27:80].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Katotohanan ang mga Anghel ng Allah ﷺ ay umiikot dito sa mundo at pinapaabot sa akin (Propeta) ang kanilang pagbatí (sa aking libingan)” (Sahih, Ahmad).

20. MAARI BANG HUMINGI NG TULONG SA PATAY AT SA MGA HINDI NAKIKITA?

Hindi maaring humingi ng tulong sa kanila bagkus ika'y hihingi sa Allah ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Kapag kayo'y hihingi ng tulong sa inyong Panginoon, kayo'y Kanyang dinggin” [8:9].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Kapag siya'y nagkakaroon ng suliranin siya'y (ang Propeta ﷺ) nagwika: “O, Ikaw na Buhay (O, Allah), Walang Hanggang, sa Inyong awa ako'y humihingi ng tulong” (Tirmidhi, Hasan).

21. MAARI BANG HUMINGI NG TULONG MALIBAN SA ALLAH ﷺ?

Hindi maaring humingi ng tulong maliban sa Allah ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Ikaw lamang ang aming sinasamba at ikaw lamang ang aming hinihingian ng tulong” [1:5].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Kapag ika'y humingi, hihingi sa Allah (ﷻ), kapag ika'y tumatawag (ng tulong) tatawag sa Allah (ﷻ)” (Sinalaysay ni Tirmidhi: ito'y Hasan at Sahih).

22. MAARI BANG HUMINGI NG TULONG SA MGA BUHAY AT IYONG NAKIKITA?

Opo, pwedeng humingi ng tulong sa kanila kapag sila'y mayroong kakayahan.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Magtulungan sa Isa’t Isa sa katarungan at kabutihan, hindi magtulungan sa kasalanan at kasamaan” [5:2].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “At ang Allah ﷺ ay tutulong sa mga tumutulong sa kanyang kapatid” (Sinalaysay ni Bukhari).

23. MAARI BANG MANGAKO NG MASIDHI LIBAN SA ALLAH ﷺ?

Hindi maaring mangako ng masidhi liban sa Allah ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Aking Panginoon, ako'y nangako sa Iyo na aking ialay ang nasa aking sinapupunan” [3:35].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinumang nangako ng kabutihan sa Allah ay kanyang tupdin, ang siyang nangako ng kasamaan ay kanyang talikuran” (Sinalaysay ni Muslim).

24. MAARI BANG MAG-ALAY MALIBAN SA ALLAH ﷺ?

Hindi pinapahintulutan dahil ito'y uri ng Shirk Al-Akbar.

Sabi ng Allah ﷺ: “Manalangin sa inyong Panginoon at sa Kanya lamang mag-alay” [108:2].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinusumpa ng Allah ﷺ ang sinuman na mag-aalay maliban sa Kanya” (Sinalaysay ni Muslim).

25. MAARI BANG GUMAWA NG TAWAAF (PAG-IKOT) SA LIBINGAN?

Ito ay bawal, ang Tawaaf ay para lamang sa Ka'bah.

Sinabi ng Allah ﷺ: “At umikot sa lumang bahay (Ka'bah)” [22:29].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang umikot (Tawaaf) sa Ka'bah ng pitong ilit at gumawa ng dalawang rak'ah na Salah, ito ay kagaya ng pagpalaya ng isang alipin” (Sinalaysay ni Ibn Majah, Sahih).

26. MAARI BANG MAGSALAH (DASAL) SA HARAP NG PUNTOD?

Hindi pinapahintulutan ang magsalah sa harapan ng puntod.

Sinabi ng Allah ﷺ: “At iharap ang iyong mukha sa Masjid Al-Haraam (sa Makkah)” [2:144].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Huwag umupo sa libingan at huwag magsagawa ng Salah sa libingan” (Sinalaysay ni Muslim).

27. ANO ANG HUKOM NG PAGSASALAMANGKA?

Ang salamangka ay isang gawain ng isang dimananampalataya.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Subalit ang satanas ay nagtakwil ng paniniwala at nagturo ng salamangka sa tao” [2:102].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Layuan ninyo ang pitong masamang kasalanan; ang Shirko-Billah at Salamangka” (Sinalaysay ni Muslim).

28. NAGSASABI BA NG KATOTOHANAN ANG MGA MANGHUhULA?

Sila'y nagsisinungaling at huwag maniwala sa kanilang balita.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Ipagbadya! Walang nakakaalam ng mga naililingid (nakatago) sa kalangitan at kalupaan maliban sa Allah” [27:65].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang dumalaw sa mga manghuhula at maniwala sa kanilang sinabi ay nagtakwil sa mga ipinahayag kay Muhammad” (Sinalaysay ni Ahmad, Sahih).

29. MAYROON BANG NAKAKAALAM NG AL-GHAIB (DI-NAKIKITA)?

Walang nakakaalam ng di-nakikita maliban sa Allah ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷺ: “At sa Kanya (sa Allah) ang mga susi ng mga hindi nakikita, walang nakakaalam maliban sa Kanya” [6:59].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Walang nakakaalam ng mga di-nakikita maliban sa Allah ﷺ” (Sinalaysay ni Tabaraani, Hasan).

30. SA KANINONG BATAS BA DAPAT HUHUKOM ANG MUSLIM?

Tungkulin nila na sila'y huhukom ayon sa banal na Qur'an at sa Sunnah ng Propeta ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷺ: “At huhukom sa pagitan ninyo ayon sa ibinaba ng Allah” [5:49].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang Allah, Siya ang Hukom at sa Kanya ang iyong pagbabalik” (Sinalaysay ni Abu Daud, Hasan).

31. ANO ANG HUKOM SA GAWAIN NA AYON SA BATAS NA TALIWAS SA ISLAM?

Ang mga gawaing yaon (pagsasalungat) sa Islam ay ang pagtakwil sa Islam kapag iyong pahintulutan.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Sinuman ang humahatol na hindi ayon sa ibinaba ng Allah, sila'y mga dimananampalataya” [5:44].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang kanilang mga pinuno ay humahatol maliban sa Aklat ng Allah ﷺ, kailangan lamang na piliin (susundin) nila ang batas ng Allah, kapag hindi nila gagawin ito, magkakaroon ng patayan sa pagitan nila” (Sinalaysay ni Ibn Majah, Hasan].

32. ANG PANUNUMPA BA AY MAARING GAWIN MALIBAN SA ALLAH ﷺ?

Hindi maaring manumpa sa iba maliban sa Allah ﷺ.

Sinabi ng Allah ﷺ: “Ipagbadya! Katotohanan, sa ngalan ng aking Panginoon, kayo'y bubuhayin muli” [64:7].

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang manunumpa maliban sa Allah ay gumawa ng pagtambal sa Kanya” (Sinalaysay ni Ahmad, Sahih).

33. MAARI BANG GUMAMIT NG ANTING-ANTING O AGIMAT UPANG MAGKAROON NG LUNAS (SA SAKIT)?

Hindi pwedeng gumamit, bagkus ito'y uri ng Shirk.

Sabi ng Allah ﷺ: “Kapag ika'y bibigyan ng Allah ng karamdaman, walang makapagpagaling maliban sa Kanya” [6:17].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Sinuman ang gumamit ng anting-anting, katotohanan, siya ay nagtambal sa Allah” (Sinalaysay ni Ahmad, Sahih).

34. SA ANONG PAMAMARAAN TAYO LULUHOG SA ALLAH ﷺ?

Tayo'y luluhog sa Allah ﷺ sa pamagitan ng Kanyang mga Pangalan, Katangian at sa mga mabuting gawain.

Sabi ng Allah ﷺ: “At sa Allah ang pinakamagandang Pangalan, tawagin natin Siya sa Kanyang mga Pangalan” [7:180].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Ako'y tumatawag sa Iyo (Allah) sa mga Pangalan na tinawag Ninyo sa Inyong sarili” (Sinalaysay ni Ahmad, Sahih).

35. NANGANGAILANGAN BA NG TAGAPAMAGITAN SA MGA NILIKHA KAPAG MAGDUA’?

Hindi nangangailangan ng tagapamagitan kapag nagdudua’.

Sabi ng Allah ﷺ: “Kapag ang Aking alipin ay nagtatanong sa Akin, katotohanan, Ako'y malapit sa kanya. Sinasagot Ko ang Kanyang dinadaing kapag siya'y tumatawag” [2:186].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Kayo'y tumatawag sa nakakadinig at Siya'y kasama ninyo (sa Kanyang Kaalaman at Siya'y nakakita sa inyo)” (Sinalaysay ni Ahmad, Sahih).

36. ANO ANG URI NG PAMAMAGITAN NG PROPETA ﷺ?

Ang kanyang [Propeta ﷺ] pamamagitan ay ang kanyang pagbahagi at pagpaabot ng mensahe.

Sabi ng Allah ﷺ: “O Propeta, Ipagbadya ang (Mensahe) na ibinaba sa inyo mula sa inyong Panginoon” [5:67].

Sabi ng Propeta ﷺ: “O aking Panginoon, Ikaw ang saksi na aking ipinahayag (ang Mensahe)” (Sinalaysay ni Muslim).

37. KANINO MAMAGITAN SI PROMETA MUHAMMAD ﷺ?

Siya ay mamagitan sa atin (mga mananampalataya) sa Allah ﷺ.

Sabi ng Allah ﷺ: “Ipagbadya! Sa Allah ang lahat ng pamamagitan” [39:44].

Sabi ng Propeta ﷺ: “O Allah, bigyan mo ako ng karapatan na mamagitan” (Sinalaysay ni Tirmidhi – Hasan).

38. PAANO NATIN MAHALIN ANG ALLAH ﷺ AT ANG PROMETA ﷺ?

Mahalin sila sa pagiging masunurin at pagsunod sa Kanilang iniutos.

Sabi ng Allah ﷺ: “Ipagbadya! Kapag mahal ninyo ang Allah, sundin ninyo Ako at kaya'y mamahalin ng Allah” [3:31].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Hindi kayo maging isang tunay na mananampalataya hanggang ako'y mapamahal ng higit pa sa inyong ama, anak at sa lahat ng nilikha” (Sinalaysay ni Bukhari).

39. MAGMALABIS BA TAYO SA PAGPURI KAY MUHAMMAD ﷺ?

Hindi dapat magmamalabis sa pagpuri kay Muhammad ﷺ.

Sabi ng Allah ﷺ: “Ipagbadya! Ako'y isang tao na kagaya ninyo na ang rebelasyon ay dumating sa akin. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay tanging nag-iisa lamang” [18:110].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Huwag kayong magmalabis katotohanan, ako'y isang alipin lamang, tawagin niyo akong alipin at sugo ng Allah” (Sinalaysay ni Bukhari).

40. SINO ANG UNANG NILIKHA?

Sa tao si Adan ﷺ, at ang gamit panulat sa mga bagay.

Sabi ng Allah ﷺ: Sinabi ng Iyong Panginoon sa mga Anghel: "Ako'y lilikha ng tao mula sa putik" [38:71].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Katotohanan ang unang nilikha ng Allah ay ang Al-Qalam (gamit panulat)" {pagkatapos ng Kanyang Trono} Sinalaysay ni Abu Dawud, Tirmidhi at ito'y Hasan at Sahih).

41. SA ANONG BAGAY NILIKHA SI MUHAMMAD ﷺ?

Nilikha ng Allah ﷺ si Muhammad ﷺ mula sa similya.

Sabi ng Allah ﷺ: "Siya ang Allah ang lumikha sa inyo mula sa alikabok, pagkatapos mula sa similya (mula sa babae at lalaki)" [40:67].

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Lahat tayo ay nagsimula sa sinapupunan ng ating ina, similya sa loob ng apat-napung araw..." (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

42. ANO ANG HUKOM NG JIHAAD SA DAAN NG ALLAH ﷺ?

Ang JihAAD ay isang tungkulin; sa ating kayamanan, sarili at dila (pananalita).

Sabi ng Allah ﷺ: "Lumakad kayo maging magaan at mabigat (sandata) at makibaka sa inyong kayamanan at iyong sarili" [9:41].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Makipaglaban sa mga di-mananampalataya sa pamagitan ng inyong kayamanan, sarili at iyong dila" (Sinalaysay ni Abu Dawud, Sahih).

43. ANO ANG AL-WALAA' SA MGA MANANAMPALATAYA?

Ito'y pagmamahal at pagtulong sa mga mananampalataya .

Sabi ng Allah ﷺ: "Ang mga mananampalataya ng lalaki at babae ay Awliyaa' (tagapangalaga, kadalo at iba pa) sa Isa't Isa" [9:71].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Ang mga mananampalataya ay kagaya ng mga haliging nagtutulungan sa Isa't Isa" (Sinalaysay ni Muslim).

44. MAARI BANG MAGING KADALO ANG MGA DI-MANANAMPALATAYA?

Hindi maaring maging Awliyaa' [katulong, kaibigan, tagapangalaga, tagapagtanggol] ang mga di-mananampalataya.

Sabi ng Allah ﷺ: "Sino man ang makikipagkaibigan sa kanila ay kasama nila" [5:51].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Ang tribung yaon ay hindi ko Awliyaa' (tagapagtanggol, tagapangalaga, kaibigan, katulong at iba pa)" {dahil sila'y mga di-manamnampalataya} (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

45. SINO ANG WALII (katulong, kabalikat at iba pa) NG MGA MANANAMPALATAYA?

Ang Walii ay ang mga mananampalatayang mayroong Taqwa (takot; pagsunod sa ipinag-utos at pagtalikod sa mga ipinagbawal ng Allah ﷺ) sa Allah.

Sabi ng Allah ﷺ: Walang pag-alinlangan! Katotohanan, ang Awliyaa' ng Allah [yaong mga naniwala sa kaisahan ng Allah at may takot sa Kanya- umiliwas sa Kanyang ipinagbawal] at lubusang nagmamahal sa Allah ﷺ sila'y walang dapat ikatakot at pangangamba" [10:62].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Katotohanan ang Walii ay ang Allah at mga mananampalatayang may takot sa Allah ﷺ [Sinalaysay ni Bukhari at Muslim].

46. BAKIT IBINABA NG ALLAH ﷺ ANG QUR'AAN?

Ibinaba ng Allah ﷺ ang Qur'aan upang isagawa at sundin ang ipinag-utos nito.

Sabi ng Allah ﷺ: “Sundin ninyo ang Ibinaba sa inyo mula sa inyong Panginoon at huwag niyong susundin ang kalaban ng Allah” [7:3].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Basahin ninyo ang Qur'aan, isabuhay, huwag gagawing hanapbuhay at huwag magmalabis” (Sinalaysay ni Ahmad, Sahih).

47. ANG QUR'AAN BA AY SAPAT NA KAHIT WALANG HADITH?

Hindi sapat ang Qur'aan kapag walang Hadith.

Sabi ng Allah ﷺ: “At Aming ibinaba sa inyo ang Dhikir (Qur'aan at Hadith) upang ipaliwanag sa mga tao kung ano ang ibinaba sa mga nauna sa inyo” [16:44].

Sabi ng Propeta ﷺ: “At aking iiwan sa inyo ang Qur'aan at ang kagaya niya (ang Hadith)” (Sinalaysay ni Abu Dawud, Sahih).

48. PAHALAGAHAN BA NATIN ANG IBANG SALITA KAYSA SA SALITA NG ALLAH ﷺ AT PROPETA ﷺ?

Hindi natin pahalagahan ang ibang salita kaysa sa salita ng Allah ﷺ at Propeta ﷺ.

Sabi ng Allah ﷺ: “O kayong mga mananampalataya, huwag pangunahan ang salita ng Allah at ng Kanyang Sugo” [49:1].

Sabi ng Propeta ﷺ: “Walang pagsunod sa kanino man kapag ito'y pagsuway sa Allah ﷺ. Katotohanan, ang pagiging masunurin ay sa kabutihan lamang” (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

49. ANO ANG ATING GAGAWIN KAPAG NAGKAROON NG DI-PAGKAKAUNAWAAN SA MGA KURU-KURO?

Babalik tayo sa Aklat (Qur'aan) at sa tunay na Sunnah ng Propeta ﷺ.

Sabi ng Allah ﷺ: “Kapag kayo'y may di-pagkakaunawaan sa anumang bagay, isangguni sa Allah ﷺ at sa Propeta (Sunnah)” [4:59].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Iniwahanan ko kayo ng dalawang bagay at hindi malilihis ang sinumang humahawak: Ang Aklat ng Allah ﷺ (ang Qur'aan)

at Sunnah ng inyong Propeta)" (Sinalaysay ni Maalik, Sahih).

50. ANO ANG BID'AH SA DIIN (ISLAM) ?

Ang lahat na walang patunay mula sa Shari'ah (batas ng Allah ﷺ).

Sabi ng Allah ﷺ: "Mayroon ba silang katambal (sa Allah ﷺ]? Yaong mga nagtataug ng Relihiyon na walang kapahintulutan ng Allah" [42:21].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Sinuman ang nag-ulat na ito'y hindi mula sa kanya (Propeta), ito'y hindi tatanggapin" (Sinalaysay ni Bukhari at Muslim).

51. MAYROON BANG MABUTING BID'AH (PAGDAGDAG O PAGBAWAS) SA DIIN (ISLAM)?

Walang mabuting bid'ah sa Diin [Islam].

Sabi ng Allah ﷺ: "Sa araw na ito ay pinaging ganap Ko ang inyong Relihiyon para sa inyo at kinumpleto Ko ang biyaya sa inyo at pinili Ko na Islam ang Relihiyon para sa inyo" [5:3].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Mag-ingat sa mga haka-haka, katotohanan, ang lahat na haka-haka ay Bid'ah, ang lahat na Bid'ah ay lumihis sa tuwid na landas" (Sinalaysay ni Abu Dawud, Sahih).

52. MAYROON PA BANG IBANG MAGANDANG PAMAMARAAN SA ISLAM?

Opo, kagaya ng mga mabuting gawain at kanyang tularan.

Sinabi ng Allah ﷺ: "At ginawa Namin silang pinunong makatarungan" [25:74].

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinuman ang gumawa ng gawaing mabuti sa Islam, siya'y mayroong gantimpala at gantimpala sa mga gumagawa nito" (Sinalaysay ni Muslim).

53. KAILANGAN BANG MAGING MATINO AT BAGUHIN NATIN ANG ATING SARILI?

Ito'y kinakailangan ng ating sarili at ng ating pamilya.

Sabi ng Allah ﷺ : "O, Kayong mga mananampalataya ligtasin niyo ang inyong sarili at ang inyong pamilya sa Impiyerno" [66:6].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Katotohanan tatanungin ng Allah ﷺ ang lahat na tagapangalaga - kung

kanyang iningatan o pinababayaan ang kanyang nasasakupan" [Sinalaysay ni Nisai, Hasan].

54. KAILAN MAGWAGI ANG MGA MUSLIM?

Kapag kanilang isasabuhay ang Qur'aan at Sunnah ng kanilang Propeta ﷺ.

Sabi ng Allah ﷺ: "O mga mananampalataya! Kapag kayo'y magtutulungan sa daan ng Allah, kayo'y Kanyang tutulungan at gawin Niyang matatag ang inyong mga paa" [47:7].

Sabi ng Propeta ﷺ: "Walang katapusan ang mga magwawaging pangkat mula sa aking Ummah (pamayanan ng Muslim)." (Sinalaysay ni Ibn Maajah, Sahih).



عقيدة كل مسلم

إعداد

محمد بن جميل زين



عقيدة كل مسلم

باللغة الفلبينية

إعداد :

محمد جميل زينو

مطبوعة لدى طيبة ، الرياض ، ت: ٢٣٨٣٣٣

الكتاب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالسلي
ص.ب. ١٤١٩ الرياض ١١٤٢١ هاتف ٢٤٤٤٨٨ - ٢٤١٠٦٦٥ - ٢٤١٧٧٢٢ ناسوخ ٤٠٥٤

٤٠٥٤ - تجالوج